

Nagho-host ang Ahensya sa Pamamahala ng Emerhensiya (FEMA) ng tradisyonal na pagpapala at seremonya ng pagbubukas para sa bagong Temporaryong Lugar ng Pabahay ng Grupo ng Kilohana sa Lahaina

Release Date: Nobyembre 22, 2024

LAHAINA, Maui – Binuksan ng Pederal na Ahensya sa Pamamahala sa Emerhensiya ang bagong temporaryong lugar ng pabahay ng grupo ng Kilohana ngayong araw, na nagho-host ng tradisyonal na seremonya ng pagpapala at tinatanggap ang mga unang mga nakaligtas sa wildfire sa modular na mga yunit nito.

Sa sandaling nakumpleto, mag-aalok ang Kilohana ng 167 temporaryong mga tahanan para suportahan ang mga nakaligtas sa wildfire sa Lahaina habang muli nilang itinatayo ang kanilang mga buhay at nagsusumikap sa pag-seguro ng permanenteng pabahay. Mula noong Nob. 18, 94 sa mga yunit ang naipasa-kamay sa lugar ng pabahay ng grupo sa Fleming Road at Malo Street. Ang mga yunit ay may kasamang mga pangunahing muwebles at magbibigay ng mga kagamitan.

"Sama-sama, bumubuo tayo ng higit pa sa isang temporaryong pabahay para sa mga nakaligtas sa sunog," sabi ng Administrator ng Rehiyon 9 ng Ahensya sa Pamamahala ng Emerhensiya (FEMA) na si Robert J. Fenton. "Bumubuo kami ng pundasyon para sa katatagan, paggaling, at pagpapanibago para sa mga tao ng Kanlurang Maui."

Umarkila ang Ahensya sa Pamamahala ng Emerhensiya (FEMA) ng tatlong mga kumpanya - Dynamic, Timberline at Acuity - para mag-manupaktura ng modular na mga yunit na mayroong isa-, dalawa- at tatlong silid-tulugan sa kontinental ng



FEMA

Page 1 of 2

Estados Unidos at pagkatapos ipadala ang mga ito sa Maui. Ang U.S. Army Corps ng mga Inhinyero ay isinama para ihanda ang 34-akre na lugar ng pabahay ng grupo.

Ginawa ang modular na mga tahanan para tumagal ng 30 taon o higit pa. Ito ang unang pagkakataon na nagtayo ang Ahensya sa Pamamahala ng Emerhensiya (FEMA) ng mga temporaryong tahanan – kilala bilang Alternatibong Naililipat na Temporaryong Pabahay na mga Yunit – na nakakatugon sa lokal at internasyonal na mga code ng gusali.

Magkakaroon ang Ahensya sa Pamamahala ng Emerhensiya (FEMA) ng opsyon ng muling paglalaan ang mga yunit sa sandaling hindi na sila kailangan para sa temporaryong pabahay, na tumutulong na mapataas ang stock ng pabahay ng Maui. Matatagpuan ang Kilohana sa tabi ng isang proyekto ng temporaryong pabahay ng estado, ang Ka La?i Ola, na nag-i-install ng prepabrikadang mga bahay para sa hanggang 450 na mga indibidwal at pamilya na nawalan ng tirahan dahil sa mga wildfire.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagsisikap sa pagbawi mula sa wildfire sa Maui, bisitahin ang mauicounty.gov, mauirecovers.org, fema.gov/disaster/4724 at [Hawaii Wildfires - YouTube](https://www.youtube.com/watch?v=HawaiiWildfires). Sundan ang Ahensya sa Pamamahala ng Emerhensiya (FEMA) sa social media: [@FEMARegion9](https://twitter.com/FEMARegion9) at [facebook.com/fema](https://www.facebook.com/fema).



FEMA

Page 2 of 2